Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG SETYEMBRE 10, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:10 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon ........ | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan ........ | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas ........ | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca ........ | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion ........ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez ........ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat ........ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco ........ | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit ........ | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico ........ | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

### KAPASIYAHAN BLG. 121-T'07

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 37-T'2007/ KAUTUSAN BLG. 3-T'2007 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY NG SAN PABLO SUR NA NAGPAPATIBAY SA KARAGDAGANG BADYET NG NABANGGIT NA BARANGAY NA MAY KABUUANG HALAGANG SIYAMNAPU'T WALONG LIBO, PITONGDAAN DALAWAMPU'T APAT NA PISO (P98,724.00).**

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 37-T'2007/ Kautusan Blg. 3-T'2007 ng Sang. Brgy. ng San Pablo Sur na naglalayong makapagdagdag ng badyet ng barangay na nagkakahalaga ng P98,724.00;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing halaga na ilalaan para sa 20 bahagdang pondong pangkaunlaran (P19,744.80); limang bahagdan (5%) para sa Calamity fund (P4,936.40); 10 bahagdan para sa Sang. Kabataan (P9,872.40); Karagdagang Cash Gift ng Sang. Brgy. (P30,000.00); Seminar (P25,808.40); Kagamitang Pambarangay (P3,162.00); at Edukasyon at Programang Pangkaunlaran (P5,200.00) ay magmumula sa karagdagang IRA (Internal Revenue Allotment) para sa taong kasalukuyan na nagkakahalaga ng P98,724.00;

**SAPAGKA'T,** ang nasabing karagdagang badyet ng Brgy. San Pablo Sur ay dumaan sa pagsusuri ng mga kasapi ng Pambayang Lupon sa Pananalapi.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Ramon D. Tan at Laura P. Obligacion at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 37-T'2007/ Kautusan Blg. 3-T'2007 ng Kgg. Sangguniang Barangay ng San Pablo Sur na nagpapatibay ng karagdagang badyet ng nabanggit na barangay na may kabuuang halagang P98,724.00.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Badyet at Sang. Brgy. San Pablo Sur, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

Alan T. Pamatmat
KGG. ALAN T. PAMATMAT
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Punong Bayan